- JANUARY — Makugihon
- FEBRUARY — Mahigugmaon
- MARCH — Matinabangon
- APRIL — Matinahuron
- MAY — Mahapsay og Malimpyo
- JUNE — Maabtik og Masunod sa Eksaktong Oras
- JULY — Maantigo og Maabilidad
- AUGUST — Maginhunahunaon para sa Uban
- SEPTEMBER — Madaginoton
- OCTOBER — Matinud-anon
- NOVEMBER — Masaligan
- DECEMBER — Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4

## Pagsulat ng Balangkas Mula sa mga Nakalap na Imporamasyon



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


**Manunulat:** Myra M. Dacula
Cheryl A. Salva
**Editor:** Marilee G. Limod
**Tagasuri:** Dionesia T. Labura
**Tagapagpamahala:**

Majarani M. Jacinto,EdD,CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde,EdD
OIC, Assistant. Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD,CECE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes,EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero,
DTE EPS - LRMDS

Josephine L. Tomboc,EdD
EPS - Filipino



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang mga paraan sa pagsulat ng balangkas mula sa mga nakalap na impormasyon mula sa binasa.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakasusulat ng isang balangkas mula sa mga nakalap na impormasyon mula sa binasa.
  **( F4PU-IVab-2.1)**



# Balikan

Tukuyin ang pangunahing diwa ng talata.

Edukasyon

Ang edukasyon ay isang proseso ng pagkatuto. Nagbibigay ito ng pagkakataon para sa magandang kinabukasan. Uunlad ang ating bansa kapag ang mamamayan ay mayaman sa kaalaman. Mapapaunlad niya ang sarili upang makatulong sa iba. Ang edukasyon ang tanging makapagpapaunlad ng ating teknolohiya at kabuhayan ng bansa.

Alin ang pangunahing diwa ng talata?

A. Ang edukasyon ay kailangan sa pagkakaroon ng magandang bukas.
B. Ang bukas ay isang edukasyon.
C. Ang edukasyon makatutulong sa pag-unlad ng sarili upang tumulong sa iba.
D. Maraming teknolohiya ang pilipinas.
E. Mahirap ang kalagayan ng pag- unlad sa taong 2020.



# Tuklasin

Bahagi ng mga gawain mo sa klase ang paggawa ng ulat. Basahin at unawain ang usapan ng isang mag-aaral at ng kanyang guro.

Tina : Nais ko pong mapaganda ang aking ulat.
Ano po ang dapat kong gawin?

Mrs. Reyes : Magtala ka muna ng mga impormasyon tungkol sa iuulat mo mula sa iba't ibang babasahin. Pagkatapos,gumawa ka ng balangkas ng iyong ulat.

Tina : Mahalaga po ba ang paggawa ng balangkas?

Mrs. Reyes : Oo naman,syempre.Ito ang magiging patnubay mo sa pag-aayos ng mga impormasyon na nais mong ilahad sa ulat.

Tina : Salamat po sa inyo Mrs. Reyes. Gagawin ko na po ang balangkas ng aking ulat.

Pag-aralan ang balangkas na ginawa ni Tina para sa kanyang ula

**Ang Industriya ng Talaba**

Ang talaba ay isang uri ng kabibe o shellfish na kung tawagin ay bivalve mollusk. Malambot at malaman ang katawan nito na natatakpan ng dalawang magkataklob na talukap.

Maraming mapaggagamitan ang talaba. Mula sa laman nito ay nakukuha ang maraming sustansiyang kailangan ng katawan para lumusog. Kabilang sa mga sustansiyang ito ang calcium, phosphorous, iron, iodine, copper, vitamin A, thiamine, riboflavin, at ascorbic acid. Napakaraming protina at mineral ang nakukuha sa talaba. Isa ring piling pagkain ang talaba sa mga handaan. Puwede itong kainin nang hilaw o luto at ito ay iniimbak o inilalagay bilang preserved na pagkain sa mga bote at dinadala sa ibang bansa . Ang mga talukap ng talaba ay maaaring gawing

patubuan pang muli ng mga talaba o kaya'y gilingin upang ipakain sa mga manok o itik. Ginagawa rin itong pintura, panghalo sa semento bilang apog o lime, at pampaputi ng pader. Ginagawa rin itong pataba at gamut.

Iba't iba ang paraan ng pag- aalaga ng talaba. Ang mga ito ay: stick, o tulos method, tray method, hanging method, at broadcast method.

**Ang Industriya ng Talaba**

I. Talaba bilang lamang-tubig

A. Ang anyo ng talaba

B. Ang mga uri ng talaba

II. Mga gamit ng talaba

A. Ang mga gamit ng laman ng talaba

B. Ang mga gamit ng balat ng talaba

III. Mga paraan ng pag-aalaga ng talaba

A. Pag-aalaga ng talaba

B. Pag-aani ng talaba

C.



# Suriin

Ang balangkas ay binubuo ng mga **pangunahing diwa** ng talata,kwento o anumang seleksiyong binasa at ang mahahalagang detalyeng sumusuporta o luminang dito. Upang makagawa ng isang balangkas dapat basahin at unawain ang talata o tekstong binasa.
Ang balangkas ay maaaring isulat sa **buong pangungusap** na balangkas . Ito ay ginagamitan ng wastong bantas. (sentence outline)
Maaari ring isulat ang balangkas sa **anyong pa-paksa** sa halip na mga pangungusap ang gamitin.
Ito ay tinatawag ng papaksang balangkas.(topic outline)



# Pagyamanin

Subuking gumawa ng isang pangungusap na balangkas sa mababasang teksto. Gamiting gabay ang padron sa ibaba.

***Gawain A***

**Hindi Sagabal**

Isang masigabong palakpakan ang ibinigay ng mga nagsipagtapos at kanilang mga magulang nang umakyat si Maryann sa entablado upang tanggapin ang kaniyang diploma at medalya.

Nagtapos bilang ***cum laude*** si Maryann Rosuman sa Pamnatasan ng Northern Philippines. Pinalakpakan siya hindi lamang dahil sa kaniyang katalinuhan kundi dahil sa kakaiba siya sa lahat.

Taltong talampakan at limang daling lamang si Maryann. Isinilang siyang walang mga paa, 20 taon na ang nakalilipas. Katutubo siya ng Barangay Bayubay, San Vicente, Ilocos Sur. Nagtapos siya sa kursong accounting. Hindi naging balakid ang kapansanan niya sa kaniyang pag-aaral. Naging valedictorian siya noon sa elementarya at sekundarya. Kahit hirap sa pagtindig at pagpunta sa klase, napagaan yaon ng pagiging matulungin ng kaniyang mga kamag- aaral.

*Hango sa: Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa 4, St. Mary's Publication.*

**Mga Tanong:**

1. Sino ang batang nagtapos na nakatangap ng mataas na parangal?
2. Ano ang kaibahan ni Maryann sa ibang nagsipagtapos?
3. Tungkol saan ang binasang talata?
4. Ano-ano ang mga pangunahing diwa nito?
5. Ano- ano ang mga sumusuportang detalye sa pangunahing diwa?

**Pamagat:** ____________________________

**I.** ____________________________

A. ____________________________

B. ____________________________

C. ____________________________

**II.** ______________________________

A.______________________________

B.______________________________

C.______________________________

***Gawain B***

**Mga Larong Pilipino**

Ang larong Pinoy ay tinatawag ding laro ng lahi. Ito ay mahalagang simbolo ng ating pagiging Pilipino. Dito unang nalinang ang ating pakikipagkapwa, natutung mag- isip at gumawa ng desisyong alam nating makabubuti para sa atin.

Ang mga Larong ito hindi lamang nagbibigay kasiyahan sa mga bata pero higit sa lahat ito ay nagtuturo ng disiplina. Ilan sa mga ito ay ang pagpapalipad ng saranggola, siyato, at tagu- taguan.

Sa kabilang dako, marami ding mga kinagisnang laro ng ating ninuno na nagbibigay kulay sa pamayanan at sa kanilang kabataan. May mga larong nangangailangan ng talas ng isip at ito ay nagbibigay lalim sa mga samahan ng magkakaibigan. Ilan sa mga ito ay ang sungka, dama at Chinese checker.

**Pamagat:** Mga Larong Pinoy

**I.** Mga Larong Nagtuturo ng Disiplina

A.______________________________

B.______________________________

C.______________________________

**II.** Mga Larong Ginagamitan ng Isip

A.______________________________

B.______________________________

C.______________________________

*Gawain C*

**Diwata**

Sa murang edad,pinangarap kong makapag-aral sa siyudad gaya ng ibang mga bata na aking kalaro noon sa aming nayon. Lagi kong sambit noon na makatapos lamang ako,patuloy kong paglilingkuran ang mga nangangailangan sa akin.

Mula ako sa isang mahirap na pamilya sa malayong nayon ng Labuin. Dito ako nagkamalay at lumaki,sa lugar na ito nabuo ang aking mga pangarap. Nagbubukid si Nanay at nagmamaneho naman si Tatay sa Maynila. Lingguhan kung kami ay kaniyang dalawin. Kahit anuman ang hirap na dinaranas naming lahat para sa akin ay pawang paraan upang ako ay maging matatag na tao. Lahat ng aking dinanas ay itinuring kong inspirasyon upang magsikap akong makatapos sa aking pag-aaral.

Ngayon,ang kababaang-loob o pagiging mapagkumbaba ang aking naging gabay. Sa kabila ng aking mga narating sa buhay, hindi ko pa rin tinatalikuran o kinakalimutan ang aking mahal na baryo upang paglingkuran.

Isa na akong guro ngayon. Sa bawat araw,naglalaan ako ng isang oras upang turuan ang kabataan sa aming munting baryo. Nais kong maibahagi sa kanila ang aking mga natutuhan nang walang anumang kapalit. Nais kong maging isang diwata na mag-iilaw sa kanilang mga landas.

**Pamagat:** ___________________________

**I.** ____________________________

A. ____________________________

B. ____________________________

**II.** ______________________________


A. _____________________________

B. _____________________________



# Isaisip

Ano-ano ang dapat tandaan sa paggawa ng isang balangkas? Isulat ang sagot sa *organizer* na ito.






# Tayahin

**Panuto**: Basahin ang talata, pagkatapos bumuo ng balangkas hinggil dito.

**Ang Coronavirus 2019**

Ang sakit na coronavirus 2019 (COVID- 19) ay isang sakit sa palahingahan. Ito ay sanhi ng isang bagong virus. Sinuman sa anumang edad ay maaaring magkasakit. Ang ilang tao ay maaaring magkasakit nang mas malala kaysa sa iba. Ang mga tao nagkakasakit ng COVID- 19 ay maaaring makahawa sa iba, kahit pa minsan parang wala silang sakit.

Hindi namimili ang mga virus kaya't iwasan ang mga pagpapalagay tungkol sa kung sino sa tingin ang may sakit.

Ilan sa mga sintomas ay ubo, pangangapos ng paghinga, lagnat, panginginig, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pananakit ng lalamunan at pagkawala ng panlasa at pang- amoy.

Upang maiwasan na mahawaan at makahawa sa sakit na ito ay nararapat lamang na gawin ang mga sumusunod; panatilihin ang anim (6) na talampakang (dalawang metro) layo mula sa ibang tao kapag nasa labas ng bahay, magsuot ng facemask o telang panakip ng mukha kapag pumupunta sa mga tindahan o iba pang mga lugar kung saan mahirap panatilihin ang anim na talampakang layo mula sa iba. Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay, takpan ang bibig kapag umuubo, linisin at disinfect ang mga bagay na madalas hinahawakan.

**Coronavirus 2019**

**I.** Ano ang Coronavirus

A.

B.

C.

D.

**II.** Mga Sintomas ng Coronavirus

A.

B.

C.

D.

**III.** Mga bagay upang maprotektahan ang sarili

A.

B.

C.

D.



# Karagdagang Gawain

Gumawa ng balangkas tungkol sa iyong Gawain sa bahay at paaralan.

I. Mga Gawain Bago Pumasok sa Paaralan

II. Mga Gawain sa Paaralan

III. Mga Gawain Pagkagaling sa Paaralan

# Sanggunian


Agarrado, Patricia Jo. *Yaman ng lahi wika at pagbasa sa Filipino 4*. Pasig City, Philippines.

*Alab sa Filipino 5*. Quezon City, Philippines: Vibal Group Inc., 2016.

Liwanag, Lydia. *Landas sa wika: Batayang aklat 6.* Quezon City: Dane Publishing House,Inc.

Renante, Catherine. "Pagsulat ng balangkas." Accessed December 2020. https://www.scribd.com/document/258674890/Pagsulat-Ng-Balangkas.

# Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

I. Ano ang Coronavirus
   a. sakit sa palahingahan
   b. sinuman ay maaaring makakuha nito
   c. nakakahawa
   d. sanhi ng bagong virus

II. Mga sintomas ng Coronavirus
   a. ubo
   b. pangangapos ng paghinga
   c. panginginig, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pananakit ng lalamunan, pagkawala ng panlasa at pang-amoy

III. Mga bagay upang maprotektahan ang sarili mula sa coronavirus
   a. panatilihin ang social distancing
   b. magsuot ng facemask
   c. hugasan nang madalas ang kamay
   d. idisinfect ang mga bagay na madalas hawakan

| Papaksang Balangkas (Sentence Outline) | Buong Pangungusap (Topic Outline) |
|---|---|

Uri ng pagsulat ng balangkas

| Pangunahing diwa ng talata o tekstong | Mahahalagang detalyeng sumusuporta. | Paggamit ng wastong bantas. |
|---|---|---|

Dapat tandaan sa paggawa ng balangkas.

**BALIKAN:**
Ang edukasyon ay kailangan sa pagkakaroon ng magandang bukas.